Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IX, ZAMBOANGA PENINSULA
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY

DEPED DIPOLOG CITY DIVISION
RECORDS SECTION
RELEASED
Date: JUN 30 2025 Doc. No.: 318
By: DOMINIC MAIKO S. DIAZ
ADMINISTRATIVE OFFICER IV

June 20, 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
No 318 s. 2025

**SUBMISSION OF ALTERNATIVE DELIVERY MODE (ADM) ACTION PLAN**

To: **Chief Education Program Supervisor-CID**
**All Public Schools District Supervisors**
**All Secondary School Heads**
**All Elementary School Heads**
*This division*

1. In view of the continued implementation of Alternative Delivery Modes (ADM) as part of the Department of Education's flexible learning strategies, this Office reiterates the need for each school intending to implement any ADM program especially those schools who identified ADM as part of their Learning and Service Continuity Plan (LSCP) to submit a comprehensive **ADM Action Plan**.

2. All School Heads are hereby directed to submit their respective **ADM Action Plans** not later than the **first week of July 2025**. The said plan must serve as the basis for implementing ADM programs in their schools.

3. The submission of the action plan is essential to ensure readiness and compliance with existing policies, particularly in providing appropriate interventions for learners who cannot regularly attend face-to-face classes due to various valid circumstances such as health issues, distance, work, or emergencies.

4. For relevant queries, you may contact the Division ADM Focal Person, EPS Serapino E. Estebat Jr., at lrms.dipolog@deped.gov.ph or at 0920-969-7483.

5. Immediate and widest dissemination of this memorandum is hereby directed.

**MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

**Address**: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
**Email**: dipolog.city@deped.gov.ph
**Website**: www.depeddipolog.net
**Facebook**: DepEd Tayo – Division of Dipolog City

**ACTION PLAN TEMPLATE**

**SDO: DIPOLOG CITY DIVISION** **SCHOOL:**

| OBJECTIVE | TIMELINE | ACTIVITIES | RESOURCES | | | EXPECTED OUTPUT |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | HUMAN | MATERIAL | FINANCIAL | |
| | | | | | | |

Prepared by:

__________________
(School Head)

Recommending Approval:

**AMELINDA D. MONTERO DM, CESE**
CID Chief

Approved:

**MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent



# ALTERNATIVE DELIVERY MODE (ADM)

Ang Alternative Delivery Mode o ADM ay isang menu ng mga alternatibong paraan upang ang mag-aaral na naka-enrol sa ating paaralan na malimit na liban sa klase dahil sa iba't ibang kadahilanan ay makatapos ng kanilang edukasyon sa paraang angkop sa kaniyang kakayahan at kalagayan kahit wala sa loob ng classroom.

Ito ay para sa mag-aaral na laging absent sa klase dahil sa:

- malayo ang bahay sa paaralan
- laging palipat-lipat ng tirahan dahil sa trabaho ng magulang
- may sakit o kinakailangan ang ibayong pang-iingat dahil sa kondisyong medikal
- may espesyal na pangangailangan
- biktima ng sakuna/digmaan
- may banta sa seguridad o kalusugan
- nagtatrabaho sa araw
- tinutulungan ang magulang sa gawain sa bukid o sa bahay
- may emergency sa bahay (may namatay o nagkasakit sa pamilya)
- may natatanging sitwasyon
- nahuli ng pag-eenrol
- kasali sa curricular at co-curricular na mga gawain sa paaralan
- suspension ng klase dahil sa local at national na pagdiriwang



# MISOSA

## *Modified In-School Off-School Approach*

Ang isang klase ay ipapangkat sa dalawa (2) : ang IN-SCHOOL at OFF-SCHOOL group.

Ang in-school group ay mag-aaral sa gabay ng kanilang guro sa loob ng silid-aralan.

Ang off-school group naman ay sa bahay mag-aaral. Iuuwi niya ang mga module na katumbas ng mga aralin sa loob ng silid-aralan sa panahon na off-school siya.

Kung kaya, gagawain niya ito nang nag-iisa. Kung hindi naman, maaari siyang humingi ng tulong ng kaniyang magulang, kapatid , community elder o isang nakatatanda na handa at may kakayahang gabayan siya sa pag-aaral. Maari din siyang makipag-ugnayan sa kaniyang guro.

Matapos ang napagkasunduang araw, ang dalawang pangkat ay magpapalit ng kanilang modality.

Kung sa panahon na ang isang mag-aaral sa in-school ay magkaroon ng emergency, maaari naman siyang maging off-school o vice versa kahit hindi pa tapos ang itinakdang araw.

Kung posible, ang guro ay magtatakda ng isang araw para sa dalawang pangkat na magkita para sa enrichment o remedial at assessment.

Maaari namang gamitin ang sumusunod sa off-school na pag-aaral:

**Programmed Teaching**
Ang mag-aaral na hindi pa kayang m…g-ara…ang nag-iisa ay gagabayan ng magulang, nakatatandang kapatid , o sinumang matanda na kasama sa bahay sa kaniyang aralin gamit ang mga module na ibinigay ng paaralan.

**Peer Group Learning**
Ang mag-aaral sa isang bahay o isang …np…d ay maaaring magsama-sama upang magtulungan na gawin ang mga task na nasa module. Bawat isa ay magpapalitan ng responsibilidad bilang leader.

**Individual Learning**
Gagawin nang na-iisa ang mga task sa modules.
Maaaring ito ay sa pamamagitan ng mga printed module, online na kung saan ay i-aacess ng mag-aaral ang mga module sa isang platform sa anyong interactive o e-book. Maaari ding offline na kung saan idodownload naman niya ang mga module mula sa isang portal. Maaari din naman na sa pamamagitan ng panonood sa TV o pakikinig sa radyo upang masagutan ang mga gawain sa module.

## Open High School Program

Ito ay isang ADM para sa mag-aaral sa Junior at Senior High School.
Ang mga task sa ibinigay na modules na manggaaling sa guro o nadownlaod mula sa portal ay kokompletuhin sa bahay. .
Kung kinakailangan, ang mag-aaral ay maaaring makipag-ugnayan sa kaniyang guro kung may suliranin o may kalituhan sa tinatapos na modules.
Babalik ang mag-aaral sa paaralan sa araw at oras na napagkasunduan.
Kung hindi naman makatutupad sa napag-usapan, maaaring muling makipag-ugnayan sa guro upang mapag-usapan ang panibagong kasunduan.

# Homeschooling



I-enroll ang isang mag-aaral sa pinakamalapit na pampublikong paaralan o sa isang pribadong paaralan na lehitimong nag-ooffer nito. Ito ay maaari mula Kindergarten hanggang SHS.

Kung ang mag-aaral ay ngayon pa lamang papasok sa paaralan (maliban lamang kung siya ay Kindergarten) o matagal na siyang tumigil sa pag-aaral, maaari siyang kumuha ng Philippine Education Placement Test o PEPT upang magkaroon ng LRN (kung wala pa) at ng grado para sa enrollment gap.
Kung siya naman ay nag-aral sa ibang bansa o sa isang online homeschool provider o isa siyang independent homeschooler o indie, kukuha pa in siya ng PEPT upang matanggap nang pormal sa paaralan.





Makipagpulong sa punongguro ng paaralan at sabihin ang pagnanais na i-homeschool ang mag-aaral.
Pag-usapan at pagkasunduan ang mga dapat pag-aralan at mga pagsusulit na gagawain sa bahay, gayundin ang oras at araw kung kailan babababalik ang maga-aral sa paaralan para sa assessment.

Magtakda ng oras kung kailan tuturuan ang anak sa bahay.
Pagyamanin ang K to 12 curriculum sa pamamagitan ng pag-access sa mga kagamitang naka-print o mula sa internet.





Makipag-ugnayan sa guro kung kinakailangan lalo na kung may kalituhan sa ituturo sa mag-aaral.

Babalik sa paaralan ang mag-aaral para sa quarterly exam at ipapasa rin ang portfolio.



Ang ADM na ito ay para sa mag-aaral na may katanggap-tanggap na dahilan kung bakit hindi siya puwedeng palaging nasa paaralan.

Ito ay ginagawa sa bahay at ang pagtuturo ay responsibilidad ng magulang.
Susundin ang K to 12 curriculum pero malaya ang mga magulang na pumili ng paraan at kagamitanang gagamitin.

Ang isang homeschooler ay maaaring pumasok sa mga klase sa paaralan kung kinakailangan.
Gayundin ang paggamit ng library, laboratory at iba pang facility at equipment ng paaralan kung saan siya naka-enroll.

Mahalaga na makadalo sa isang pagsasanay na isasagawa ng paaralan ang magulang ng isang homeschooler upang magabayan siya sa mga prinsipyo, paraan ng pagtuturo, pagtatasa at pagtataya sa K to 12 curriculum.

Ayon sa DO 21 s. 2019, ang mga pampublikong paaralang pang-elementarya at pang-sekondarya ay dapat maging handa upang mai-offer ang mga menu na ito.

Ang option na ibibigay sa mag-aaral ay laging naaayon sa kaniyang kakayahan at kalagayan sa buhay.

Maaaring magpalit ng modality ang isang mag-aaral kung ito ay hindi nagiging epektibo para sa kaniya o maaari siyang ibalik sa face to face (F2F).

Ang mga pribadong paaralan naman ay maaaring mag-offer nito matapos kumuha ng Permit to Offer mula sa Regional Office.

Sumulat lamang sa Regional Director sa pamamagitan ng Schools Division Superintendent. Kalakip nito ang implementation plan na naglalaman ng detalye kung paano ito gagawin at ang taalan ng aklat at iba pang kagamitan na gagamitin ng mag-aaral.

Gagamitin sa ADM ang self-learning modules (SLM) na isinulat ng mga guro at superbisor mula sa iba't ibang Rehiyon ng bansa alinsunod sa K to 12 Curriculum Guide at ADM Learning Resource Standards.

Ang SLM ay kagamitan ng mag-aaral na naglalaman ng isang aralin na isinulat sa paraang madaling mauunawaan at magagawa ng mag-aaral kahit wala ang guro sa kaniyang tabi. Ito ay isinulat para sa distance o remote learning.

Ang K to 12 Curriculum Guide, Teacher's Guide/ Teacher's Manual, Learner's Material/Textbook ang naging gabay sa pagsulat ng mga ito.

Ang bawat SLM ay naglalaman ng pre-test upang matiyak ang kaalaman at kahandaan ng mag-aaral sa bagong aralin.

Mayroon ding post test upang matiyak naman ang natutuhan sa natapos na module.

Naglalaman ito ng mga gawain upang malinang at masukat ang natutuhan ng mag-aaral at matugunan ang iba't ibang pangangailangan at kakayahan ng bawat mag-aaral na gagamit nito.

Nilagyan din ito ng Notes to the Facilitator/Parents upang maging gabay nila sa pag-alalay sa mag-aaral sa kaniyang distance/remote learning .

Ang mga SLM na ito ay isasalin din sa iba't ibang format , gayundin sa radio at TV scripts upang magamit sa online distance learning (ODL) at sa TV/ Radio-Based Instruction (TV/RBI).

Ang SLM sa orihinal na format ay gagamitin sa modular distance learning (MDL), sa blended learning na Face to Face (F2F) at MDL.

Angelika D. Jabines
Bureau of Learning Delivery - Teaching and Learning Division
4th Floor Bonifacio Building, DepEd Complex, MERALCO Ave, Pasig City, Philippines
+63 28638 47 99 / +63 920 956 3694 via Viber / Whatsapp / Telegram
alternativedeliverymode@gmail.com
https://www.facebook.com/Alternative-Delivery-MODE
https://my.workplace.com/groups/224891431750380/